●Alamin ang iskedyul sa eskuwelahan ng inyong mga anak

Marami nang natulungan ang Fujimino International Cultural Exchange Center (FICEC),mga banyagang may problema sa pang-araw-araw at iba pang mga suliranin sa pamamalagi dito sa bansang Hapon. Subalit ang karamihang problema ay tungkol sa pag-aaral ng kanilang mga anak, nahihirapan silang intindihin at basahin ang iskedyul ng mga bata at ang mga sulat na dumarating galing sa eskuwelahan. Kung kayo ay may problemang kagaya nito, tumawag lamang.

049－269－6450

	月	火	水	木	金
1	算数	国語	国語	算数	体育
2	体育	総合	算数	国語	国語
3	国語	算数	社会	体育	音楽
4	音楽	理科	社会	道徳	理科
5	総合	国語	総合	図工	書写
6		学活			

❤mula sa mababang paaralan sa Fujimi city

●Ang mga sumunod ay ang pagbasa at kahulugan ng mga kanji

（Ang mga Japanese scripts o kanji 「学科」「科目」「教科」na ito ay mga “subjects”）

Ang ibig sabihin ng nasa class timetable ay ang mga sumusunod:

★ **月**(Getsu)･**火**(Ka)･**水**(Sui)･**木**(Moku)･**金**(Kin)･･･na ang ibig sabihin ay ang mga araw ng buong linggo

★ **1，2，3**、･･･pagkakasunod ng klase

★ **算数（Sansuu)**･･･Math－pag-aaral ng mga pagbibilang at mga hugis

★ **体育(Taiiku)**･･･Physical Education－pag-aaral ukol sa ehersisyo, sports at magandang pisikal na kalusugan.

★ **国語(Kokugo)**･･･Japanese Language－pag-aaral ukol sa lengguahe at kulturang Hapon

★ **音楽(Ongaku)**･･･Music－pag-aaral ng musika sa pamamagitan ng pagkanta at paggamit ng instrumento

★ **総 合 (Sougou)**･･･General studies－pag-aaral tungkol sa sosyedad,kapaligiran, polosyon, diskriminasyon, trabaho,atibp.

★ **理科(Rika)**･･･Science－pag-aaral ukol sa siyensya, natural na kapaligiran,mga hayop, elekrisidad at ibp.

★ **学活(Gakkatsu)**･･･Homeroom－pag-uusap tungkol sa mga isyu at mga aktibidaded sa klase at sa buong paaralan, pagbibigay ng mga opinyon at suhestyon

★ **社会(Shakai)**･･･Social studies－pag-aaral ukol sa sosyedad,at pamumuhay

★ **道徳(Doutoku)**･･･Moral studies－pag-aaral ukol sa moral na prinsipyo para magkaroon ng tamang pananaw ukol sa tama at mali

★ **図工(Zukou)**･･･Arts－pag-aaral ng ukol sa artes, mga drawings, paintings at paggawa ng sariling arte o gawa

★ **書写(Shosha)**･･･Calligraphy－pagsusulat gamit ang brush

● Nais malamang mga impormasyon ay makukuha sa eskuwelahan. Kung kayo ay may problema, e.g. hindi kayo masyadong marunong ng Nihonggo, tumawag o magsadya lamang sa Fujimino International Cultural Exchange Center . Ang “International children’s club” ay handa ding tumulong sa pag-aaral ng mga bata tuwing Sabado. Halina kayo!

"Midori no hi" o araw ng halamanan ay tatawaging "the day of Showa"

Magkakaroon ng pagbabago sa mga public holidays mula ngayong taon. Ang Abril 29 , selebrasyon ng berde o halamanan,"Midori no hi"ay magiging "Showa no hi", o araw ng Showa dahil ito ay araw ng kapanganakan ng Showa emperor.

At ang araw ng berde o halamanan "Midori no hi" ay gaganapin tuwing ika-4 ng Mayo. Tandaan natin ang pagbabagong ito dahil ang Mayo 4 ay magiging isa nang pista opisyal.

Refrigerators na may depekto, maaring maging sanhi ng pag-uusok at sunog

Nabalita na ilan sa mga refrigerators na gawa ng Fujitsu General ay may depekto na maaring maging sanhi ng sunog o pag-uusok. Ang mga nasabing refrigerators ay ginawa at naibenta ng mga taong mula 1995 hanggang 2001.

Ang impormasyong ito ay nailabas na sa mga balita. Tingnan kung ang inyong refrigerator ay isa sa mga modelong nakasaad . Kung ang inyong refregerator ay isa sa mga modelong nasabing may depekto, tumawag lamang sa TEL :**0120-623-667** para sa libreng inspection at pagpapaayos.

[Mga modelong may depekto]

ER-F43KA-G	ER-F43MA-G	ER-D420V-G	ER-F43MB-G	ER-F35MB-G
ER-F43KA-H	ER-F43MA-H	ER-D420V-H	ER-F43MB-H	ER-F35MB-H
ER-F43KB-G	ER-S428M-G	ER-D427M-H	ER-F39MB-G	ER-M35JB-H
ER-F43KB-H	ER-42MSU-G	ER-M42J1-G	ER-F39MB-H	ER-M35JC-H
ER-V43KD-G	ER-D350M-H	ER-M436ALG	ER-M396ALH	ER-F35MC-G
ER-V43KD-H	ER-D359M-H	ER-M43JB-G	ER-V38KG-A	ER-F35MC-H
ER-V43KDLH			ER-V38KG-C	ER-F35MD-H



I-check ang inyong mga liquid products kung kayo ay paalis ng int' l airport

Simula Marso 1, magkakaroon ng paghihigpit sa mga liquids o solutions kasama ang mga inumin at cosmetic lotions sa mga sisiyasatin sa mga gamit ng mga pasahero ng international flights paalis ng Japan. Ang maaring madalang liquids ng isang pasahero ay dapat pagsamasamahin at ilagay sa isang plastic bag at hanggang 100ml. lamang. Sa pag-inspeksyon,dapat ipakita ang plastic bag. Para huwag magkaroon ng problema , tingnan ang website para sa detalye at impormasyon : (http://www.mlit.go.jp/)

● **Bagong amendment :**

Mula Enero 4, 2007, mahigit sa ¥100,000 na cash transfers ay hindi na puedeng ipadala sa ATM

Dahil sa dumaraming krimen sangkot ang ATM cash transfers ipinasiya ng mga pinansyal na institusyon na bigyan ng limitasyon ang mga cash transfers sa ATM.

Kung mahigit ¥100,000 cash ang inyong ita-transfer kailangang magpakita ng ID o kaya 1) **Driver's license** 2) **Pasaporte** 3)**Health insurance card** bilang pagpapatunay.